**Abstract**

Nakarating sa kilusan ang tungkol sa mamang kakatwang nagtitinda ng papag sa Baryo Kailas. Ang basa ng komite, bakit aabot sa liblib na lugar ang isang tao para magbenta ng papag? Lugar kung saan ang mga tao ang gumagawa ng sarili nilang bangkuan, mesa, at iba pang gamit pambahay, kasama na ang papag. Sa pagsisiyasat ng kilusan, matutuklasan nila ang mas masalimuot na kaugnayan ng mamang iyon sa batang natagpuang palutang-lutang sa Ilog Baswan, sa Bayan ng Alirao, walong taon na ang nakararaan.

**Key Words:**
kilusan
bagong hukbong bayan
komiteng larangan

**English title**

When Our Shadows Disappear

# TUWING NAGLALAHO ANG ATING MGA ANINO

**RONALDO SOLEDAD VIVO, JR.**

1

MAAGA KAMI NANG mahigit kalahating oras sa site. Ang tatlong oras sanang lakaran, natawaran ng dalawa't kalahati sa talas ng ginawang maniobra ni Ka Soli. Bumutas kami pababa ng Kamanyang sa likod ng tawid-ilog para tagusin ang kabilang ibayo papuntang bayan. Bagaman doble-triple ang sukal, malaking bahagi ng oras at kolektibong enerhiya ang natipid namin. Alas-tres ng madaling-araw, namamayani ang huni ng mga kuliglig. Sinasakmal kami ng lamig. Dinukot ko ang gusot na kaha ng Marvel pula sa likurang bulsa ng aking pantalon. Kumuha ako ng isa, nagsubo at nagsindi saka pinaikot sa mga kasama. Yumosi kami habang pinakikiramdaman ang paligid. Habang nagbibigay ng direksiyon si Ka Soli, ninanamnam ko ang bawat hitit-buga, ang paglukob ng nikotina

sa aking sistema. Panandalian akong natulala sa hingal kong binigyang-hugis ng usok.

"Dalawa sa labasan, dalawa sa tarangkahan," anas ni Ka Soli sa apat na masang kasama namin. "Ka Elmo, hustuhin mo 'yong sako natin ng pinong buhangin," baling naman niya sa 'kin. Tumango ako bilang tugon. "Kaming dalawa naman ni Ka Pinang ang aakyat sa backhoe," pagtutuloy niya.

Inilapag namin ang aming mga napsak at nagsalansan ng mga gagamiting materyales. Lumarga na ang apat na masa para payungan kami. Tumulak ako sa tambak para magsako ng pinong buhangin. Nang mahusto ko ang sako ay dagli akong sumunod kina Ka Soli at Ka Pinang sa backhoe. Nagsindi akong muli ng sigarilyo habang naghihintay ng hudyat ng dalawa. Sa isip-isip ko, *'tangna'yang kontraktor na si Saabedra, makikita niya ngayon ang hinahanap niya.* Ilang usap na ang itinulak ng Partido ukol sa pataw na rebolusyonaryong buwis at patong-patong na atraso niya sa mga taga-Alirao. Ang walang-hiya, mayabang pa at sa tingin niya ay marapat lamang tamuhin ng mga tao ang perwisyo ng road widening dahil proyekto naman daw iyon ng munisipyo. Para naman daw sa kapakanan ng taumbayan. Ang tarantado, akala mo naman talaga may pakialam sa kapakanan ng mga tao. Kami pa ang lolokohin. Kung di pa namin alam, bayaw niya si Marcelo, bagong hepe ng bids and awards comm ng munisipyo. Kunwari'y naglinis ng hanay ang meyor at nagpalit ng mga hepe, pero ang totoo ay nagpalit lamang ng mukha ng sindikato.

Sumenyas na si Ka Pinang. Dagli kong binuksan ang tangke ng backhoe at ibinuhos ang 'sang sakong buhangin. Pumosisyon kami ng mga kasama malapit sa lumang buldoser sa kabilang dako ng site. Dinukot ni Ka Soli sa belt bag ang teknolohiyang tatapos sa dalawampung milyong pisong backhoe ni Saabedra—doorbell, na ang halaga'y wala pang sisenta pesos. At sa isang pindot, niyanig ng pagsabog ang site at naghari ang kulay pulang liwanag sa gitna ng dilim. Nakatunghay lamang kami habang namamangha. Nakatunghay kami habang dinarama ang init ng nasusunog na dalawampung milyong piso ng suwapang na kontraktor, sa kasagsagan ng malamig na madaling-araw.

"Tara na, mga kasama," usal ni Ka Soli. At tumulak kami salungat sa direksiyong binutas namin kanina. Sa pagkakataong ito ay sa mahabang tulay kami babaybay; panibagong maniobra. Pagpasok sa mababang gubat, magsisimula kaming bumutas ng panibagong daan paakyat ng bundok, pabalik sa kampo. Higit tatlong oras na lakaran sa rutang ito.

Hindi na ligtas ang syumorkat pabalik. Sa ganitong larangan, daig ng sigurado ang mahusay.

Tumulak kami sa direksiyon ng mababang gubat. Lumakad kami papalayo sa umaapoy at pumuputok-putok pang backhoe. Sa bilis ng kilos namin, paglingon ko'y isang maliit na liwanag na lamang ang kanina'y higanteng pulang apoy. Habang nasa daan at nilalagos namin ang nagtataasang talahib, bumulong si Ka Pinang sa akin.

"Ka Elmo, 'yong nagtitinda ng papag, bumalik pa ba sa baryo?" usisa niya.

"Hindi ko pa nakita ulit."

"May A1, ahente ng kaaway."

"Ang sagap ko, wala daw sa katinuan," pagbabahagi ko.

"Maaaring kasama sa palabas," deretso at matipid niyang sabi. Tumango-tango ako.

Bigla kong hinukay sa alaala ko 'yong mamang ilang beses na nagawi sa Kailas, nagtitinda ng papag. Tinanong namin ang masa kung may nakakikilala, wala. Ang basa agad ni Ka Pinang, bakit ka aabot sa ganito kaliblib na lugar para magbenta ng papag? Isa pa, lugar iyon kung saan ang mga tao ang gumagawa ng sarili nilang bangkuan, mesa at iba pang gamit pambahay, kasama na ang papag. Sinubukan kong magtanong sa mga karatig-baryo. May ilan na nagsasabing may problema sa pag-iisip ang mama at 'yong papag na dala niya ay hindi paninda kundi papag na personal niyang gamit. Pero kapag sinabing A1 ang impormasyon, ibig sabihin ay marami itong masalimuot na pinagdaanang kumpirmasyon bago ma-A1 sa Partido. Pero may kung anong bumabagabag sa akin tungkol sa tunay sa pagkatao ng mamang iyon.

**2**

Pagkatapos ng pitong buwan, ngayon na lamang muli makadadalaw si Omar sa kanilang baryo. Pero sa pagkakataong ito, hindi siya nag-iisa. Kasama niya ang platoon na pinamamahalaan ni Commander Doy Simon at Barangay Captain Melchor Gerungiano, "Kap Jano" kung tawagin sa baryo. Ang masiglang baryo, sa tuwing sasadyain ng mga militar, ay mistulang dinadalaw ng malakas na bagyo. Ang mga tao, natatarantang magsamsam ng mga gamit. Listong nagsasara ng kani-kanilang dampa. Mabigat ang ihip ng hangin. Ang mga paslit, kay agang ninakawan ng kamusmusan, na sa murang edad ay ganap na ang konsepto ng takot sa mga unipormadong tulisan.

"Mar, saan dito ang dampa n'yo?" usisa ni Ampot kay Omar na kapwa niya CAFGU. Inginuso ni Omar ang bandang unahan, malapit sa halos mabuwal na puno ng saging.

"Mga kabarangay! Maano lamang pong magsilabas po tayo at may kaunting mga katanungan lamang ang mga kaibigan nating sundalo rito!" sigaw ni Kap Jano. Tanging mga ibong matitinis ang huni ang tumugon. Nanatiling sarado ang mga kabahayan. Bantulot ang kapitan, kakamot-kamot sa ulong panot. Mababakas sa mukha ng platoon commander ang impit na pagkadismaya.

"E talaga palang walang takot sa 'yo ang mga tao mo rito, Kap?" buyo ng commander. "Kaya kayo madaling napapasok ng mga rebelde, ano po?" dagdag pa nito. Sa insulto'y nagngitngit ang kapitan sa pagkabanas; isa-isa niyang kinalampag ang mga dampa habang nakasapo sa pistolang nakasuksok sa baywang.

"Mga putang ina kayo! Wala na kayong respeto talaga, ano? Magsilabas kayo d'yan! Mga nang-aampon ng NPA! Mga pow-pweking inaee-aaeah!" 'Kandautal-utal ang nagpasiklab na kapitan.

Sumenyas ang commander sa mga tao nito. Agad na sinuyod ng apat na sundalo at dalawang CAFGU ang mga kabahayan, pinagtatadyakan ang mga pinto at puwersahang inilabas ang mga pamilya. Ang kaninang hunihan ng ibon ay napalitan ng magagaspang na sigaw at iyakan ng mga ina at anak. Si Omar, patay-malisya sa nangyayari. Sa kaniya, isa lamang itong pangkaraniwan na operasyong militar; kahit pa hinaharas na ang kaniyang mga kabaryo sa kaniyang harapan. Dumeretso siya sa kanilang dampa para siya ang mismong maglabas sa kaniyang mag-ina. Marahan siyang kumatok sa kanilang dampa.

"Nor, si Omar ito." Sapat ang lakas ng tinig para marinig ng kaniyang maybahay.

Walang tugon. Kinailangan niya pang ulitin ang pagkatok. "Leonor, si Omar 'to." Mas malakas ang tinig sa pagkakataong ito. At dahan-dahang bumukas ang pintong kahoy ng dampa. Iniluwal n'on si Leonor at ang kanilang limang taong gulang na anak na si Sinag, nanginginig, nakasiksik sa likuran ng kaniyang ina.

"Halina kayo, mabilis lang ito. Hindi naman kayo maaano at kay Boss Doy tayo." Lalo pang humigpit ang akap ng paslit sa kaniyang ina. Nakayuko lamang si Leonor, hindi pa rin nagsasalita. Inakay sila ni Omar papunta sa umpukan kung saan isinalansan ang mga lokal. Sinalubong sila ni Commander Doy ng ngiti.

"Kumusta kayo?" magiliw na bati ni Commander Doy. Si Leonor ay nanatiling nakayuko habang di magkandamayaw sa pagtatago si Sinag sa kaniyang likuran.

"Leonor, kinakausap ka," sambit ni Omar, mahina ngunit mariin. Pinisil niya sa balikat ang maybahay.

"Mabuti naman po kami," matipid nitong tugon. Bahagyang yumuko pakanan ang commander para silipin ang takot na takot na paslit.

"Kailan kayo dadalaw ulit sa kampo?" Ang pagtatanong ni Commander Doy ay nilamon ng lalong nagkaingay na mga tao at sundalong sige ang rekisa sa komunidad.

"'Wag po iyan! Parang awa na ninyo!" palahaw ng matandang babae. Tumulak ang kumander sa direksiyon ng komosyon.

"Ano'ng meron?" usisa ng kumander.

"Sir, may mga bala dito sa kaha," pag-uulat ng isang sundalo.

"Sa iyo 'yan, nanay?" baling ng kumander sa matandang babae.

"Opo, ser. 'Yong kaha lang po! Pero hindi po akin ang bala!" katwiran nito habang di matahan sa pag-iyak.

"O, bakit nariyan sa kaha mo kung hindi iyo?" balik ng kumander sa pobreng ale.

"Hindi po sa akin, ser, maniwala po kayo!" Lalong tumaas ang boses nito.

"Isasama po namin kayo sa kampo para doon matanong at maimbestigahan."

"'Wag po! Parang awa n'yo na!" pagharang ng isang binatilyo. "Sa akin po iyan, hindi sa nanang ko! Parang awa n'yo na, mga ser!" pag-ako ng binata. Natigilan ang kaniyang lola. Natigilan ang mga tao. Sandaling ang alingawngaw lamang ng kaniyang sigaw ang pumalit sa lahat ng tunog sa paligid.

"Arnel? Hindi sa iyo 'yan! Wala tayong ganyan!" pakli ng lola.

"Saan mo ginagamit ang bala, bata?" tanong ng kumander.

"Na—ano po, n-nam—n-namamaril po ng ibon," aapa-apang sagot ng binata.

"Samakatwid may baril ka."

"W-Wala po."

"Sabi mo namamaril ka ng ibon?"

"Kasama ka ng mga rebelde?" sabat ni Kap Jano. "Putang ina, sinasabi ko na, nagkakanlong kayo ng mga kaaway rito, mga traydor kayo!" bulyaw sabay duro nito sa mukha ng binata.

"Sige't baligtarin n'yong maigi lahat ng dampa!" mando ng kumander sa mga sundalo. Walang magawa ang mga tao kundi pagmasdan ang malaipuipong paggalugad sa kanilang mga tahanan.

Tutungo na si Omar sa mga kabahayang nililinis nang biglang magsalita si Leonor sa kaniya. "Hindi kay Nanang Carmen ang bala." Huminto ng lakad si Omar. "Hindi kay Nanang Carmen ang mga iyon, alam mo naman siguro," pag-uulit ni Leonor habang nangingilid ang luha.

"Kay Arnel nga, di ba umamin na?" diin ni Omar.

"Sinalo lang ni Arnel 'yong imbitasyon ng mga sundalo sa nanang niya dahil ayaw niyang matulad si Nanang Carmen doon sa maestra nilang inimbitahan ng mga militar, tapos nabalitaan na lang namin dito, napatay sa engkuwentro. Ni hindi marunong magmura ang maestrang iyon."

"O, e kanino 'yong bala?"

"Sa mga kasama mo."

"'Yang bibig mo, Leonor!" Hinila ni Omar sa braso ang maybahay.

"Sisidlan ng ipon ni Nanang Carmen 'yong kaha na 'yon, Omar. Pampagamot sa tatay ni Arnel na may tumor sa utak. Pati iyon, walang-awang pinag-interesan ng mga sundalo."

"Putang ina, Leonor! Tumigil ka na!" Mahigpit at may dahas ang hila niya sa braso ng asawa. Pinalis 'yon ng huli at umakap nang mahigpit sa anak. Tumalikod si Omar at lumakad patungo sa galugad. Mabigat ang bagsak ng kaniyang mga paa sa lupa. Habang papalayo nang papalayo, pakapal nang pakapal ang alikabok sa pagitan niya at ng kaniyang mag-ina.

3

Dalawa kami ni Ka Pinang na nakamisyon sa mamang naglalako ng papag. May ilang oras na kaming nakahimpil dito sa tabing kalsada, itaas ng Baryo Kailas kung saan madalas namamataan ang target, tatlong sitio ang pagitan sa Baryo Felipe na napabalitang ni-raid ng militar nitong nakaraang linggo.

"May balita ba sa apo ni Nanang Carmen?" tanong ko kay Ka Pinang.

"Hindi pa rin ibinabalik." Huminto si Ka Pinang para sumenyas ng hingi ng yosi. "Ang tanong, kung ibabalik pa?" pagtutuloy niya.

Iling at palatak ang tinugon ko. Dinukot ko ang kaha ng Marvel sa harapang bulsa ng jacket ko, kumuha ng isa, nagsubo't nagsindi saka ko iniabot sa kaniya. "Matino nating kinausap iyang Kapitan Jano na 'yan

noong nag-organisa tayo sa Felipe. 'Tangna, hudas ang walang-hiya!" anas ko habang umaaso-aso ang bibig at ilong.

"Hindi naman tayo nagbibigay ng hustong tiwala sa mga 'yan. Kaya laging kasama sa inaasahan ng kilusan ang ganyan. Gayumpaman, tuloy-tuloy lang at kailangan nating mapagtagumpayang mahamig ang mga 'yan, hanggang sa hindi na sila mag-ahente sa kaaway," paliwanag ni Ka Pinang.

"Ka Elmo," tawag-tapik ni Ka Pinang sa akin. Ibinato niya ang tingin sa kantong kurba, at sumunod ako ng tanaw. Nakita kong papunta sa direksiyon namin ang mamang naglalako ng papag. Bago niya pa kami matanaw, dagli nang umikot si Ka Pinang sa tawid-kalsada, magkabila kaming nakaabang sa kaniya ngayon. Nakaposisyon kami at malinaw sa kinalalagyan namin ang bawat galaw niya. Ilang saglit pa, napansin naming huminto siya ilang bloke mula sa amin, humimpil sa gilid ng kalsada, inilapag ang buhat na papag at saka humilata. Nagkatinginan kami ni Ka Pinang at kitang-kita ko na magkasabay na kumunot ang mga noo namin; sabay kaming nagtaka. Sinenyasan ako ni Ka Pinang na umabante. Tumulak kami papunta sa mama. Papalapit kami nang papalapit. Alam naming alam niyang papunta kami sa kaniya pero wala siyang reaksiyon. Nakaplasta siya sa papag na para bang nagsa-sunbathing sa gilid ng kalsada. Relax na relax.

"Kapkapan mo, Ka Elmo!" atas ni Ka Pinang. Maingat akong lumapit sa mamang walang kahit anong reaksiyon sa gagawin namin sa kaniya. Ang kanan kong kamay ay nakaalalay sa aking M-16; ang kaliwa ko'y nakatalaga sa pagkapkap sa kaniya. Kinapkapan kong maigi ang mama na walang reaksiyon. Hinayaan niya lang akong kapkapan siya; walang angal, walang salita. Nagbaling ako ng tingin kay Ka Pinang at umiling. Klaro, ibig sabihin.

"Bawal magpahinga rito?" biglang usal ng mama.

Pero A1 ang impormasyon. Hindi kami maaaring malansi ng aming kalatagang husga. Kaso'y bigla kong naalala ang isa pang impormasyon sa amin na may problema sa pag-iisip ang isang ito.

"Kaninong A1 'to?" medyo banas kong hirit kay Ka Pinang.

"Ka Elmo!" singhal ni Ka Pinang. Yumuko na lang ako at humingi ng pasensiya.

"Pasensiya na, Ka Pinang."

"Puwedeng-puwede magpahinga rito, hindi bawal. Pero may mga nakakarating sa amin," tuon niya sa mama.

"Na tiktik ako ng militar, gano'n ba?" pirming balik ng mama kay Ka Pinang. Sa totoo lang, nagulat kami sa isinagot niya. Nakahiga pa rin ang mama na para kaming nagsisilbing flat-screen TV sa harapan niya.

"Oo!" matigas na sagot ni Ka Pinang.

"Bumangon ka d'yan!" mando ko sa mama. Wala itong pagtutol at sumunod lang agad. Nagtataka pa rin ako pero hindi ko na ipinakita kay Ka Pinang. Iginapos ko ang mga kamay niya palikod. Lumakad kami sa gilid ng kalsada padausdos sa talahiban.

"Hindi n'yo man lang tinanong ang pangalan ko," anas ng mama.

"Para saan? E hindi ka rin naman magbibigay ng totoong pangalan," sagot ni Ka Pinang.

"Joswa," pakilala ng mama. Pinipigilan kong matawa at baka mapagalitan na naman ako ni Ka Pinang. Lalo siguro akong matatawa kung tunay niyang pangalan ang Joswa. Hindi kumibo si Ka Pinang. Nagtuloy kami sa paglakad.

Bago namin marating ang bunganga ng gubat kung saan naghihiwalay ang daan patungo sa linyada ng ilog at kabundukan, sumenyas ng hinto si Ka Pinang, dinukot ang cell phone sa bulsa, sumagot ng tawag. Humimpil kami ni Joswa sa malaking bato habang naghihintay. Dumukot ako ng sigarilyo at nagsindi.

"Boss," nguso niya sa kaha. Kumuha ako ng isang stick, isinubo ko sa kaniya at sinindihan. Yosihin niya 'yan habang nakagapos ang mga kamay niya.

"Sundalo ka, Joswa?" tanong ko.

"Mmm," tango niya at pakawala ng usok. Di ko alam kung nakikipag-aningan sa 'kin 'to.

"Tinitiktikan mo kami?" dagdag ko. Tumango siya. Nailing lang ako.

Ibinulsa na ni Ka Pinang ang cell phone at tumungo sa amin.

"Ano'ng balita, Ka Pinang?" salubong ko sa kaniya.

"Si Kap Jano, naro'n daw sa Felipe," ulat niya. Lumapit ako nang maigi sa kaniya. "May order. Misyunin natin ngayon, Ka Elmo," mahina niyang sabi.

"Pa'no 'to?" turo ko kay Joswa.

"Isama sa pangungumpirma," ani Ka Pinang. Sa isip ko, *akala ko ba A1?*

"Tara," sabi ko.

Binaybay namin ang linya ng Ilog Baswan na pinagsasaluhan ng anim na sitio. Nilaslas namin ang kasukalan ng tuhod ng mga burol para makatagos ng Felipe. Si Joswa, batak sa lakaran. Marahil malaking bahagi

ng buhay niya, palakad-lakad lang siya rito sa kanayunan, bitbit ang papag na lampas kalahati ng bigat niya. Palaisipan sa akin itong si Joswa, marahil ay kay Ka Pinang din, pero dahil mas mataas ang karanasan niya sa akin sa kilusan, napapanatili niya ang higpit ng kapit sa kalidad ng impormasyong partido.

May isang oras at kalahati nang makarating kami sa Felipe. Siyempre, hindi naman kami aakyat dito kung may info na nasa area ang kaaway. Pangkaraniwang araw sa komunidad ang dinatnan namin. Kani-kaniyang gawa ang mga tao. May nagpapakain ng mga alagang manok, nagdidilig ng mga pananim na gulay, nagsasampay ng mga nilabhan. Sinalubong kami ni Eljun, masang puwersa. "Naro'n kina Nanang Carmen," bulong nito sa akin. Tumulak kami ni Ka Pinang sa dampa ni Nanang, kasama si Joswa. Sa labas ng dampa, may isang mamang payat na payat sa tumba-tumba, tulog, hindi pamilyar sa amin. Ilang saglit pa, iniluwa ng sawaling pinto si Kap Jano kasunod si Nanang Carmen na kapansin-pansin ang namumugtong mga mata.

"Mga kasama!" masigasig na bati sa amin ng kapitan, pasalu-saludo pa. Alam kong nagulat siyang nasa harapan kami ng dampa ni Nanang. Ang tarantado, kung makabati sa amin, akala mo walang atraso. Si Nanang Carmen, tumungo sa mamang nasa tumba-tumba at pinunasan ito ng basang tuwalya sa katawan.

"Dederetsuhin ka na namin, Kap," putol ni Ka Pinang. "Malaki ang atraso mo sa kilusan, lalo sa mga tao rito. At bago pa kami makarating dito, alam na namin ang sinapit ng apo ni Nanang Carmen."

"Sandali lang, mga kasama, ako e sumusunod lamang. E kung ako ang hindi nakipagtulungan sa mga sundalo, ako naman ang maaano," katwiran ng tarantadong kapitan. Napansin ko ang pagpipigil ni Nanang Carmen ng iyak habang pinupunasan ang mama sa tumba-tumba.

"Hindi ka basta nakipagtulungan. Malaking bahagi ka ng pang-aabuso sa mga tao rito," balik ni Ka Pinang sa kaniya. "Ka Elmo, kapkapan mo," atas ni Ka Pinang. May gigil ang tangan ko sa M-16. Kung alam lang ni Ka Pinang, gustong-gusto kong ibayo 'tong armas ko sa panot na ulo ng putang inang kapitan na 'to.

"Taas mo kamay mo," mando ko, siyang taas niya ng dalawang kamay. Nakuha ko sa baywang niya ang isang .45. "A, matapang ka kasi may ganito ka palaging dala, ha?" hirit ko pa. Iniabot ko kay Ka Pinang ang kuwarenta y singko.

"Huwag kang mag-alala, hindi ka namin papatayin sa harap ng masa," anas ni Ka Pinang, walang kaemo-emosyon. At ginulat kami ng pagbalikwas ng mama sa tumba-tumba.

"Waaah! Ayahhhuu!"

"Anak, Sinen, bakit?" awat ni Nanang Carmen sa mama na tinawag niyang anak. Nagtaka kaming lahat. Marahil naalimpungatan ito at ang unang natanaw ay ang mahahaba naming armas.

"Ka Pinang, mabuti pa siguro, ilarga na natin ang mga 'to," mungkahi ko.

"Sandali, Ka Elmo." Nilapitan ni Ka Pinang ang mama. "Nanang Carmen, sandali," pasintabi niya sa matanda. "May gusto po 'atang sabihin ang anak ninyo." Lumapit si Ka Pinang sa anak ni Nanang Carmen, umupo sa tabi nito. "Ano po ang pangalan niya, Nanang?" tanong ni Ka Pinang.

"Sinen, Kasamang Pinang. S'ya ang tatay ni Arnel. Ibinalik na siya rito galing ospital sa bayan gawa nang wala na akong maiabot. 'Yong kaha ko, naro'n ang mga naipon namin ni Arnel pampagamot kay Sinen, kasamang tinangay ng mga sundalo." Hindi na napigilan ng matanda ang umiyak nang todo. Hinagod-hagod ni Ka Pinang ang likuran nito.

"Ka Elmo, dalhin mo 'yan sa harap ni Sinen," atas ni Ka Pinang. At itinulak ko sa direksiyon ni Sinen ang kapitan. "Hindi 'yan, Ka Elmo," paglilinaw ni Ka Pinang. Nagtaka ako. Itinuro niya si Joswa. Sa loob-loob ko, *ano'ng kinalaman ni Joswa?* Pero s'yempre, sa akin na lang 'yon. Dinala ko si Joswa'ng walang-muwang sa harap ni Sinen.

"Waaahyaaa!!! Dodoy!!!" Lalong nagsisigaw ang mama, nagtataka na rin si Nanang Carmen. Ako man, naguguluhan. Si Ka Pinang, pirming nag-oobserba. "Dooooy, Dodoy!" patuloy na sigaw at pagpupumiglas nito. Nakatuon na ang baryo sa amin.

"Anaaak, tama na, tama na!" awat ni Nanang Carmen.

"Nanang, sino si Dodoy?" tanong ni Ka Pinang kay Nanang. Sa taranta at taas ng emosyon ni Nanang, di makaapuhap ng isasagot ang matanda.

*"Nanang! Nanang!"* galing ang sigaw sa bukana malapit sa igiban papasok ng baryo. Napalingon ang lahat. Si Leonor, buhat-buhat ang walang-malay na anak. Napansin nila ang pag-agas ng dugo sa binti ng paslit.

4

GITNA ng kasiyahan sa kampo nang utusan si Omar na bumaba ng bayan para bumili ng yelo. Ang bayan ay may kuwarenta y singko minuto kung imomotor mula sa kampo. Iniwan niya ang mag-ina roon kasama ng iba pang pamilya na dumalaw sa kanilang ama, kapatid, at anak na sundalo.

Sa tuwing bibigyan ng gawain si Omar, gaano man kagaan o kabigat, ay kaluguran sa kaniya. Doon niya natatagpuan ang saysay ng pagiging kaisa sa puwersang militar na pinaniniwalaan niyang magiging kaagapay niya sa paghahanap ng hustisya para sa kapatid na si Andoy.

Walong taon na ang nakalilipas nang matagpuan ang walang-buhay na si Andoy Balawan sa Ilog Baswan, palutang-lutang, butas ang noo sa tama ng bala. Report sa munisipyo, napatay ang inosenteng bata sa engkuwentro ng militar at rebelde. Iyon ang dahilan kung bakit nagdesisyong mag-CAFGU si Omar Balawan. Araw-araw, inaasam niya ang hustisya para sa kapatid. Kaya naman, bitbit ang butas-butas na ice box ay bababa siya sa bayan para bumili ng yelo, walang pagtatanong kung ano'ng magiging saysay ng bibilhing yelo kung pagbalik sa kampo ay tubig na malamig na lamang ito.

Sa gitna ng paggagayak ng mga pamilya sa pagsasaluhang pagkain, napansin ni Leonor na tila wala sa umpukan ng mga bata ang kaniyang anak. Tumungo siya papunta sa mga naglalarong bata para siguruhing wala nga doon. Nilibot niya ang kampo at ang kasukalan ng paligid nito; hindi niya pa rin matagpuan si Sinag. Hanggang sa marinig niya ang impit na tinig sa kubol na pahingahan ng mga sundalo. Sa siwang ng mga pinagsama-samang sako at retasong tolda, naaninag niya ang kaniyang mahal na anak, sa ilalim ni Commander Simon na dahan-dahan ngunit mariin ang pag-ayuda sa payat na katawan ng paslit.

At parang humiwalay ang kaluluwa ni Leonor sa kaniyang katawan. Nararamdaman niyang ang palahaw niya ay walang nililikhang tunog. Sa labis na takot ay wala siyang magawa kundi magpabaha ng luha habang ginagahasa ng kumander ang kaniyang mahal na anak. Nawalan siya ng malay at bumagsak sa lupang nakukumutan ng mga tuyong dahon.

Nang unti-unting bumalik ang kaniyang malay, madilim na at wala pa rin si Omar.

"Okey ka lang, Leonor?"

"Ayos ka lang?"

"Ano'ng nangyari sa 'yo?" ang sunod sunod na mga tanong na sumalubong sa pagbabalik ng malay niya. At natataranta siyang bumalikwas sa pagkakahiga.

"Nasa'n ang anak ko?" anas niya sa garalgal na tinig. Nang matauhan, napansin niyang nakayakap sa kaniyang gilid ang mahal na anak, umiiyak. Niyakap niya ito nang mahigpit. Nagmamadali siyang nag-empake ng gamit. Nagtataka ang lahat sa inaasal niya. Dagling nilisan ng

mag-ina ang kampo. Walang kamalay-malay ang mga tao sa nangyayari, habang sa di kalayuan, naroon ang kumander, nakatanaw sa nangyayari habang naninigarilyo.

Pagbalik ni Omar sa kampo, tunaw na ang yelong binili niya sa bayan. Humingi siya ng paumanhin sa mga kasamahang sundalo na no'ng mga oras na 'yon ay kani-kaniya nang umpukan ng tagay, kani-kaniyang hawak ng basong may yelo. Iginala niya ang tingin, wala ang kaniyang mag-ina. Tumungo siya sa likod ng mga kubol, naro'n si Ampot na nagluluto ng pulutan.

"Napansin mo ba sina Leonor?" tanong niya kay Ampot.

"Mar, umuwi sila kanina. Hinimatay si Leonor, nahilo 'ata. 'Tapos paggising, nagmamadaling umuwi."

"Ha? Teka, ano'ng nangyari?" usisa ni Omar.

"Hindi ko alam, Mar. Nagtataka nga kaming lahat dito, e."

Tinulungan niya si Ampot na magbitbit ng mga pulutan sa hapag. At sa mahabang gabi, pinagmasdan niya ang nagkakasiyahang mga kasamang lango na sa alak, habang walang-humpay na binabagabag ng di-mahagilap na dahilan ng pagkahimatay ni Leonor, ng pag-alis ng kaniyang mag-ina sa kampo.

---

Kamakalawa, umuwi si Omar. Para siyang hangin lamang at hindi tinatapunan ng pansin ng mga kabaryo. Tanggap niya 'yon. Pagdating sa kanila, inabutan niyang naghahanda ng pananghalian si Leonor. Walang bati. Walang pagsalubong.

"Nor, nasaan si Sinag?" tanong ni Omar sa walang-imik na asawa.

"Ang tagal-tagal ka nang niloloko ng mga kasama mo," anas ni Leonor.

"Ano'ng pinagsasasabi mo?"

"Walong taon, naniniwala kang mga rebelde ang pumatay sa kapatid mo." Nangingilid na ang luha ni Leonor, pero mas matingkad ang pagngangalit ng mga ugat sa kaniyang sentido. "Nakilala ng anak ni Nanang Carmen 'yong isa sa mga sundalong bumaril kay Andoy, bitbit ng mga kasama rito."

"Kasama? Putang ina mo, Leonor! Kasama? Ano 'yan, nilason ng mga 'tang inang rebelde na 'yan ang utak mo? Kayong lahat dito?" Nangingibabaw ang boses ni Omar sa munti nilang dampa. Binuksan ni Leonor ang tabing na kurtina ng kanilang munting kuwarto. Naroon si Sinag, nakahiga. May kung anong kinuha si Leonor sa bukbuking tokador at ibinato sa mukha ni Omar.

"Iyan, putang ina mo! Hindi ko 'yan nilabhan para ipakita sa 'yo!" bulyaw ni Leonor. Nasa paanan ngayon ni Omar ang isang duguang tela. Hindi maintindihan ni Omar ang nangyayari. Dinampot niya ang tela at saka niya napagtantong salawal iyon ng kaniyang anak, may mantsa ng natuyong dugo.

"Ginahasa ng kumander mo si Sinag! Baboy! Putang ina n'yo! Putang ina kayo! Hindi makalakad ang anak natin, ilang linggo na! Putang ina n'yo!" Labasan ang mga nagngangalit na ugat sa leeg ni Leonor. Natulala lamang si Omar, nakapako ang mga mata sa anak, hindi makaapuhap ng sasabihin. Hindi matahan si Leonor. At naalimpungatan si Sinag.

"Tatay?" sambit nito pagmulat ng mata habang nananatiling nakahiga. Kitang-kita ni Omar ang kawalang-kakayahan ng kaniyang anak na bumangon para salubungin siya ng akap tulad ng nakagawian. Nanginginig ang buong katawan ni Omar, parang tinatakasan ng lakas ang mga tuhod, nagsasalit sa pagbuka at kuyom ang mga kamao. Tuloy-tuloy ang palahaw ni Leonor. Sinusubok ng paslit na bumangon.

**5**

Nanguwestiyon pa ang suwapang na si Saabedra kung pa'no namin kinukuwenta ang buwis ng mga tulad niya. Naglabas kami ng kopya ng computation, dokumentong galing mismo sa accounting office ng provincial government. Walang ideya ang tarantadong ito kung ga'no kalalim kumilos ang Partido. Inisa-isa namin sa kaniya ang atraso niya sa mga taga-Alirao, tulad ng inisa-isa rin namin sa kaniya ang mga maaari naming gawin sa kaniya kung patuloy siyang makikipagmatigasan sa amin.

---

*Dalawang batang sundalo ang namamaril noon ng mga itim na pato sa mahabang ilog. Mula sa kabilang dako, napansin niyang tila nagpapaligsahan ang dalawa. Nang namutok ang isa, kitang-kita niya mula sa kinatatayuan ang mabilis na pagpula ng ilog at paglutang ng isang bata. Sa takot, agad siyang nagkubli sa malalaking bato. Nagitla rin ang dalawang sundalo at agad na nilisan ang lugar.*

---

"Mga kasama, parang awa n'yo na."

"Go ahead Alpha." Rumadyo ang mga naka-scout sa kalsada.

"Copy that," sagot ni Ka Pinang.

*BANG!*

Umalingawngaw ang putok sa hangganan ng kasukalan, ilang bagtas papuntang kalsada. Bagsak si Kapitan Jano, sabog ang bungo ng putang ina. Basang-basa ng dugo niya ngayon ang mga tuyong dahon sa lupa. Sa ganitong paraan, magkasilbi man lang siya sa kalikasan.

---

*Si Ampot ang naging kasangga niya noong sumapi siya sa mga militar bilang CAFGU. Noong pabinyagan niya ang anak na si Sinag, imbitado ang mga kasamahang sundalo, pero tanging si Ampot lamang ang sumipot. Mas maalam si Ampot na hindi sila sineseryoso ng mga kasamahan, di tulad ni Omar na laging may dahilan sa sarili kung bakit ganoon sila ituring ng mga sundalo.*

*"Kabisado natin ang kagubatan, alam natin ang labas-masok ng kasukalan kaya nila tayo kailangan," ang laging paalala ni Ampot sa kaibigan. Kay Omar, pumapasok lamang iyon sa kanang tenga't lumalabas sa kaliwa.*

---

Parang tinapay na ibinagsak sa lupa ang impormasyong ibinigay ng CAFGU na si Omar sa kilusan. Biyayang maituturing ang kalidad ng impormasyong inilatag niya sa amin. Sa masalimuot na proseso ng kumpirmasyon ng Partido, lumalabas na A1 ang mga ibinigay niya. Sa tinagal-tagal ng aming pag-aaral at pagdedebate sa magiging maniobra, sa maraming beses na pagkaantala ng taktikal na opensiba, heto't may A1 mula kung saan. Kaluguran ng komiteng larangan, pero sa akin, paninindigan ko ang pagiging personal ng operasyong ito. Ginahasa ng platoon commander ang isang inosenteng bata. Putang inang masahol pa sa baboy at daga! Hiling ni Omar sa kilusan, kapalit ng impormasyon, ay siya ang tatapos sa kaniyang kumander.

---

Sina Ka Soli, Ka Speed, at dalawang masang puwersa ang naatasang bumaba ng bayan para maningil ng ikalawang hulog kay Saabedra. Sina Ka Pinang at Ka Elmo naman ay kasama sa dalawang yunit na nakatalagang magpataw ng hakbang pamamarusa kay Commander Doy Simon.

---

Ilang taong pinaglaruan si Omar ng militar na inaakala niyang tutulong sa kaniya para mahanap ang hustisya. 'Yong hinihiritan kong A1 tungkol

kay Joswa, kumpirmado. Hindi ko iyon nakita. Walong taon ang nakalilipas nang iparatang sa kilusan ang pagkamatay ng batang si Andoy Balawan—Dodoy kung tawagin sa kanila. Iyon pala ang isinisigaw na pangalan ng anak ni Nanang Carmen na si Sinen. Nang mahimasmasan, ikinuwento niya sa amin ang buong pangyayari. Lumalabas, ang isa sa dalawang sundalong iyon ay si Joswa. Sa mas malalim na imbestigasyon namin kay Joswa, 'yong pagkilos-kilos niya at malatiktik na paggalaw ay kasama na sa kaniyang delusyon dulot ng pagkakaluto ng utak sa shabu. Matagal na raw pinabayaan ng mga kapwa sundalo si Joswa. Nagpagala-gala ito bitbit ang papag na tulugan niya sa kampo.

At dahil ang karunungan ng kilusan ay umaabot sa mga antas na hindi inaakala ng mga kaaway, sinala namin ang lahat ng impormasyong ibinigay ni Joswa. Hinayaan namin siyang magsalita nang magsalita. May pattern kung ano ang mga totoong naaalala niya sa pagsusundalo, gano'n din kung ano ang imahinasyon lang. Ang inaakala nilang baliw at wala nang silbi sa kanila ay kapakinabangan sa kilusan. Paulit-ulit niyang binabanggit ang pangalang Doy. Hindi iyon si Andoy Balawan kundi si Doy Simon na siyang kumander ng platoon na pinagsisilbihan ni Omar. Si Doy Simon ang bumaril at nakapatay kay Andoy Balawan, walong taon na ang nakararaan. Si Commander Doy Simon ang gumahasa sa limang taong gulang na anak na lalaki ni Omar.

—

Madilim pa'y lumakad na ang isang yunit sa command ni Ka Jerry. Ang kabilang yunit naman, pinangunahan ni Ka Floy. Nagbiyak sa kambal-burol ang dalawang yunit. Triple ang sikad ng kaba sa dibdib niya, parang ginagapangan ng kuryente ang gulugod habang sumasabog ang maraming likido ng pananabik sa tagiliran. Magtatagpo sa target area ang dalawang yunit. Doon, maghihintay ng hudyat si Ka Pinang mula kay Omar, na ihuhudyat naman sa dalawang yunit.

—

Naisip ni Omar si Ampot. Gusto niya itong abisuhan para huwag madamay sa operasyon. Sa taas ng tensiyon at labis na pagkataranta, nai-text niya sa kaibigan ang mangyayaring pag-atake ng mga rebelde sa kampo ng mga militar. Hindi marunong magbasa si Ampot kaya palaging tawag ang gamit nito sa lumang cell phone. Ang bilin ng mga sundalo

kay Ampot, kapag may papasok na mahalagang mensahe, ipabasa agad sa mga kasama. Nagmamadaling tinawagan ni Omar si Ampot.

"Sa'n ka, Pot?"

*"Dito sa daang kawayan, papuntang kampo, Mar."*

---

Nakaposisyon ako sa daang kawayan at naghihintay humudyat si Omar kay Ka Pinang. Kumbaga, nakabantay ako sa bantay para kung ano't magkaaberya, may backup command ako sa mga yunit. Mula dito sa kinalalagyan ko ay tanaw ko ang bawat galaw ni Omar. Matagal akong nakahimpil lang dito sa taas, walang nangyayari. Hanggang sa mapansin ko ang pagdaan ng isang unipormadong tulisan na dagling sinundan ni Omar. Rumadyo ako kay Ka Pinang para ireport ang kilos.

---

Papalabas na ng opisina sina Ka Soli at Ka Speed nang bulabugin sila ng sunod-sunod na putok galing sa labas. Agad na sumilip sa bintana si Ka Speed.

"Ka Soli, si Je!"

"Tarantado ka, sige subukan mo kami!" sigaw ni Ka Soli kay Saabedra sabay tutok ng armalite dito at sa kasama nitong guwardiyang dinisarmahan ni Ka Speed kanina.

---

Hindi malaman ni Omar ang gagawin. Alam niyang may mga matang nakabantay sa kaniya. Malaking gulo ang idudulot kapag nakarating sa sinumang sundalo ang text niya kay Ampot. Pero isa ang sigurado, tiyak na papatayin siya ng mga kasamahang sundalo at rebelde. At aandar sa alaala niya ang kapatid na si Andoy, ang anak na si Sinag. Parang apoy na binubuhusan ng gasolina ang kaniyang dibdib. Mula sa outpost kung sa'n siya nakapuwesto, namataan niyang dumaan si Ampot, lumalakad sa direksiyon ng kampo sa kahabaan ng daang kawayan. Pagdistansiya'y maingat niya itong sinundan.

---

Tumagal nang ilang buwan bago naikasa ang operasyon. Gano'n kasinsin magplano ang kilusan. Ang unang layunin, paralisahin ang mga posibleng puwersa sa paligid na posibleng makakontra-salakay. Aatake

ang dalawang yunit ng mga pulang mandirigma sa oras kung kailan pinakamahina ang mga sundalo, sa araw at oras na ibinigay ni Omar sa kilusan. Ilang buwan ang tiniis ni Omar sa pakikisama sa taong sumalaula sa kaniyang mahal na anak.

---

Bumaba ako't sinundan si Omar. Kapansin-pansin ang maingat nitong pagsunod sa sundalo. Nakamasid lang ako. Madalas ang paggala ng tingin ni Omar sa paligid, balisa. Kaya triple ang ingat ko. Ilang sandali pa'y lakad-takbo na ang ginawa nito, tinapik sa balikat ang sundalo. Umpugan ng kamao ang dalawa. Naalarma ako. Mahigpit ang kapit ko sa aking M-16. Di ko maulinigan sa puwesto ko kung ano'ng pinag-uusapan ng dalawa kaya mataman kong pinagmamasdan ang galaw ng katawan at kumpas ng kamay ng mga ito. Raradyo na ako kay Ka Pinang nang biglang umalingawngaw ang putok sa daang kawayan. Timbuwang ang sundalo, kikisay-kisay. Putang ina, naloko na. Aabot ito sa kampo.

Iginala ko nang mabilis ang tingin ko. Walang tao. Nanakbo ako papunta kay Omar. Nakaluhod ito sa harap ng katawan ng sundalo, umiiyak.

"Baba mo 'yang baril mo, taas kamay!" mando ko rito, siya niyang tapon ng baril at taas ng dalawang kamay. Dahan-dahan akong nagpunta sa harapan niya. Nakita ko ang isang cell phone sa harapan niya, sa pagitan nila ng patay na sundalo. Nananatiling nakatutok ang M-16 ko sa kaniya. Dinampot ko ang cell phone na mantsado ng dugo. Nagmamadali ko iyong siniyasat. Basic phone, walang password-password. Missed call, 1. Text message, 1. Malinis, cell phone nga ng sundalo. Binuksan ko ang text message.

*4 ptay klaban, d2 kna saabedra ... twag ng tropa now n ...*

*Putang ina.* Ibayong kalabog sa dibdib ang naramdaman ko. Nanginginig ang katawan ko. *Sina Ka Soli. Putang ina talaga.* Kailangan kong bumalik sa pokus. Gitna ng operasyon. Kinalkal ko pang maigi ang phone para makakuha ng impormasyon. Napansin kong may laman ang deleted message, isa. Binuksan ko.

*From: 0MaR_bOk*

*AT5. RD.*

Isa itong abiso. Ang di ko maunawaan, bakit pagtapos ng abisong ito ay pinatay niya ang kasama niya bago makarating ng kampo? Bakit siya umiiyak hanggang ngayon? Bakit nasa deleted message ito? Gulong-gulo ako. *Sina Ka Soli.*

Para akong lumulubog sa lupa ngayon. Ilang sandali akong nakatitig lamang sa paggapang ng nagkalat na dugo sa mga linya ng bako-bakong daanan. Nakalupasay lang si Omar, umiiyak.

"Tayo d'yan," utos ko kay Omar.

*BANG! BANG!*

Napatalon ako sa gilid-kalsada, hinanap ko kung sa'n galing ang putok. Iginala-gala ko ang tingin ko. Si Ka Pinang. Galing itaas.

Subsob ang mukha ni Omar sa barag na semento, basag ang bungo. Nagkalat ang malapot na utak at dugo. Hindi ko maihakbang ang mga paa ko.

Panakbo akong sinundo ni Ka Pinang.

"Ka Elmo! Ayos ka lang?" bungad niya. Hindi ako makasagot. "Nagmaniobra na ang yunit ni Ka Jerry. Nakapayong sa palibot ng kampo ang yunit ni Ka Floy. Halika na!"

Pinilit kong ihakbang ang mga paa ko.